# THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME I No. 49 Oct 17, 2022 - Oct. 23, 2022


## WHAT'S INSIDE?


3 Basic human rights principles of elderly persons, ipinabatid sa USCACCOM Inc.


# 100 BAMBOO TREES SA IKA-SANDAANG ARAW

## Caluangan Lake Bamboo Tree Planting Activity






TANDA NG PAKIKIISA NG PAMAHALAANG LUNGSOD sa 'Bamboo Awareness Month Celebration' na ngayong taon ay may temang: "Bamboo for Green Life and Sustainable Development" ay tuloy-tuloy pa rin ang pagkilos ng City Government of Calapan sa pangangasiwa ng Fisheries and Management Office upang ipakita ang pagsuporta sa adbokasiyang ito.

Ang pagpapayabong at proteksyon sa kalikasan ay kasama sa haligi ng Vision 2031: Green City of Calapan Program ni City Mayor Malou Flores-Morillo kung kaya naman higit pang pinalakas ng kanyang administrasyon ang mga programa at inisyatiba para sa paglinang ng mga likas-yaman ng lungsod.

Isinagawa noong Oktubre 8, 2022, sa baybay-lawa ng Caluangan Lake Barangay Canubing I ay pinangunahan ni Mayor Morillo ang 'Ceremonial Bamboo Tree Planting' kasama ang mga kabalikat gaya ng PNP-Maritime Group, Alpha Coy-Civil Military Operations Philippine Army sa pamumuno ni SSG JUN-JUN ADARNA, Greenland Gracias Volunteers sa pangunguna ni Ms. Thelma Lunar, Sangguniang Barangay ng Canubing I sa pamumuno ni Barangay Chairman Joselito Olaño, BFARMC sa pangunguna naman ni Mr. Ruben Chavez SAKAG members at mga residente.

Ang mga itinanim na kawayan sa lugar ay bahagi lamang ng isandaang puno ng kawayan na itinanim sa baybayin ng Caluangan Lake at Baruyan River kaalinsabay ng ika-sandaang araw ng panunungkulan ni City Mayor Morillo na inaasahang magbibigay ng ibayong benipisyo gaya ng carbon dioxide sequestration, pag-iwas sa pagtabag ng lupa at benipisyong pangkabuyan ng kawayan sa hinaharap.

Sa kanyang pakikipagdiyalogo kina City Administrator/Fishery Management Officer Atty. Reymund Al Ussam, Dr. Marius Panahon, Caluangan Lake Development Coordinator at Chairman Olaño ay napag-usapan ang mga plano at interbensyon na kinakailangang gawin upang mapangalagaan ang nag-iisang lawa ng Calapan.

Kabilang dito ang pagpapalakas ng Fishery Lake Warden, pasilidad at pagadikha ng mga makabagong kagamitan sa pagpapatrolya laban sa mga nag-iiligal.

Iminungkahi na rin ang pag-review sa Caluangan Lake Management Plan upang maiangkop ito sa mga pagpaplanong nakapaloob sa Green City of Calapan Program.

Ang pagsusulong na gawing departmento ang kasalukuyang Fisheries Management Office upang palakasin ang kapabilidad nito na gampanan ang mandato na magpatupad ng mga programang nauukol sa pangisdaan at pangangalaga sa kabuuang katubigan at pagbibigay ng pangkabuyan sa mga komunidad sa lakeside at coastal barangays.







THE TAMARAO JOURNAL

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

JORGE THOMAS BEATO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY WEDNESDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: TAMARAOJOURNAL@GMAIL.COM

# PATOK NA AGRI-TALK Symposium for Agriculture isinagawa!




SA PINAGSAMA-SAMANG PAGKILOS ng ibat-ibang ahensya ng gobyerno na may kinalaman sa agrikultura ay inilunsad ng Pamahalaang Lungsod ng Calapan sa pangangasiwa ng City Agricultural Services Department ang 'PATOK NA AGRI-TALK' Symposium for Agriculture na may temang "A Symposium to Stimulate the Partnership and Promotion of Programs of Different Agri-related Agencies to Ensure Immediate Response to Attain Food Security", sa Malad Covered Court noong Oktubre 4, 2022.

Benipisyaryo ng nasabing programa ang Calapan Federation of Farmers Association (CALFFA) na binubuo 37 Farmers Associations sa pangunguna ni CALFFA President Mr. Aniceto Barro at ang 14 na Rural Improvement Clubs (RIC) na pinamumunuan ni RIC Federation President Ms. Teresa Laygo.

Kabilang sa mga ahensyang kabalikat sa programa ay ang DA-Regional Field Office MIMAROPA, DA-Agricultural Credit Policy Council, DA-Crop Insurance Corporation, DA-National Food Authority, National Irrigation Administration at Cooperative Development Authority.

Ang paglulunsad ng nasabing programa ay bunsod ng krisis na naranasan ng mga magsasaka dulot ng pagbaba ng presyo ng palay na epekto naman ng rice tarriffication law, pagtaas ng presyo ng farm inputs, kalamidad, at epidemya gaya ng African Swine Fever at Bird's Flu.

Layunin nito na maipanumbalik ang sigla sa mga sakahan sa pamamagitan ng pakikipagtalastasan sa mga konsernadong ahensya na tutugon sa kanilang mga isyu sa pagsasaka.

Sa pagdalo ni City Mayor Mayor Malou Flores-Morillo sa okasyon ay kanyang inilahad ang mga nakalinyang programa at proyekto ng kanyang administrasyon para sa sektor ng agrikultura. Muli ay kanyang ipinaalala sa mga Farmer's Associations na maging maagap sa pagsusumite ng 'letter of request' hanggang 2025 upang maaga itong maiindorso sa kinauukulang ahensya.


Iminungkahi din ng alkalde na sikaping maiparehistro ang kanilang asosasyon bilang kooperatiba dahil sa benipisyong maaring makuha dito. Ikatuwa naman ng mga magsasaka ang naging pahayag ni Mayor Malou na kanyang irerekomenda sa Sangguniang Panlungsod na bumuo ng ordinansang magbibigay ng subsidiya sa mga magsasakang rehistrado sa RSBSA at may sakahang 3 hektaryang sakahan pagbaba, na kung saan ay magbibigay ang City Government ng karagdagang 2 pesos sa kada kilo ng palay na kanilang ibebenta sa NFA.

Maaring asahan ng mga magsasakang Calapeño na ang Pamahalaang Lungsod ng Calapan ay patuloy na magkakaloob ng tulong sa kanilang hanay sa paniniwalang may malaking ambag sa paglago ng ekonomiya ang Sektor ng Agrikultura.

Naroon din sa okasyon si City Agriculture Officer Ms. Lorelein Sevilla.






**For you commercial print needs!**
**Books, yearbooks, marketing collaterals**
**www.sinagprintingpress.com**
**sinagprinting@gmail.com / 09175668361**

# Basic human rights principles of elderly persons, ipinabatid sa USCACCOM Inc.

KAUGNAY NG ‘ELDERLY WEEK CELEBRATION’ (October 1-7, 2022) na ngayong taon ay may temang “Older Persons: Resilience in Nation Building” ay minarapat ng United Senior Citizens Association of Calapan City Oriental Mindoro Incorporated (USCACCOM Inc.) na maipaunawa sa kanilang mga miyembro ang kanilang mga karapatan sa ilalim ng Saligang Batas ng Pilipinas.

Ito ay agad namang tumugon ang Commission on Human Rights sa kahilingan ng mga Senior Citizens ng Calapan City.

Sa pamamagitan ni Atty. Estrella Baltazar, OIC-CHR Mindoro Provincial Office bilang resource speaker ay ay binigyang daan ang ‘Basic Human Rights and Rights of Elderly Seminar’ na tumutukoy sa ibat-ibang uri ng karapatan na nauukol para sa Senior Citizens na ginanap sa Calapan City Plaza Pavilion, Oktubre 2,2022.

Ang CHR ay isa sa mga Independent Checks and Balances ng gobyerno na magiimbestiga sa lahat uri at porma ng paglabag sa karapatang pantao. Lalo na kung ang biktima o mga biktima at kabilang sa tinatawag na vulnerable, disadvantage at marginalized sector gaya ng mga senior citizens, bata/kabataan, kababaihan, may kapansanan, katutubo, mga nakapiit, internally displaced, LGBTQIA+Community, OFW at mga mahihirap.

Maliban sa pagbibigay proteksyon sa karapatan ng mga senior citizens ay kasama din sa mandato ng CHR ang promotion and prevention gaya ng pagbibigay ng ganitong uri ng seminar.

Ipinagpasalamat naman ng mga nagsidalong miyembro ng USCACCOM Inc. sa pangunguna ng kanilang Presidente na si Mr. Angel Albo ang bagong kaalaman na kanilang nakuha mula sa nasabing seminar.

Dahil malapit sa puso ni City Mayor Malou Flores-Morillo ang mga older person ng lungsod ay pinaunlakan niya ang paanyaya ng mga ito.

Dito ay ipinahayag ng alkalde na ginagawa ng kanyang administrasyon ang mga kapamaraanan upang maibigay ang mga TAMAng Serbisyo at Programa para sa Calapeño.

Ang libreng maintenance medicine ay nagpapatuloy, may psychiatrist at gamot na rin para sa mga mentally ill person.

Dagdag pa ni Mayor Malou na malapit na ring magkaroon ng katuparan ang pangakong libreng gatas para sa mga senior citizens.

Para sa mga Senior Citizens na hindi pa nakatanggap ng kanilang monthly pension mula sa DSWD, sinabi nito na ginagawan na ng paraan ng Pamahalaang Lungsod na mabigyan na rin sila ng katulad na benipisyo.

Mababakas sa mukha ng mga Lolo at Lola ang kagalakan sa mga naging pahayag ni Mayor Morillo na para sa kanila ay palatandaan na kinikilala ang kanilang importansya sa lipunan bilang mga ‘Pangunahing Mamamayan’.








THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME I No. 49 Oct. 17, 2022 - Oct. 23, 2022

MSP GAS
RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# *Mayor Malou Morillo-Flores: 100 Days in Office*

BILANG KAUNA-UNAHANG INA NG LUNGSOD NG CALAPAN, mithiin ni Mayor Marilou Flores-Morillo na maging bahagi at instrumento sa pag-angat ng estado ng buhay ng bawat isang mamamayan, saang sektor man siya ng lipunan nabibilang.

Noong ika-8 ng Oktubre ang siyang ika-isandaang araw ni Tita petMalou sa pagiging Ina ng minamahal nating lungsod ng Calapan. Hindi gaya ng karaniwang politiko, walang magarbong entablado para ilahad ang kanyang mga nasimulan na. Mas pinili niyang hindi gawing batayan ang 100 araw para sukatin kung ano na ang kanyang narating, bagkus ay mas binigyang pansin ang ipagpatuloy kung ano ang kanyang nasimulan na at ito'y pagbutihin pa.

Ibayo at TAMAng serbisyo-publiko para sa taumbayan ang minsang ipinangako ng Administrasyong Morillo-Ignacio, at ito nga ang unti-unti nilang sinisimulan at binibigyang katuparan sa nakalipas na isandaang araw.

Para sa Ina ng Lungsod, walang oras o panahon para makapagbigay at makapaghatid ng TAMAng serbisyo publiko. Walang araw ang kanyang sinayang - kaliwa't kanang proyekto at programa na nakatutok sa kagustuhang mapaangat ang pamumuhay ng bawat Calapeno - agad pinasimulan!

Mula sa libreng school supplies sa mga mag-aaral na nasa elementarya, mga pakikipag-dayalogo sa iba't-ibang sektor at grupo ng lipunan, paglulunsad ng Barangay Caravan na target na mas mapalapit sa taumbayan ang lahat ng kinakailngan nilang serbisyo at abot-kamay na maramdaman ng mga mamamayan ang kalingang petMalou, ang pagbabalik ng sigla, saya at liwanag sa lungsod, pagsisiguro ng food security, maigting na mandato para sa kaayusan at kaligtasan (peace and order) sa lungsod, kalusugan ng mga mamamayan, pagpapa-unlad ng kakayahan ng mga kawani ng pamahalaan, sapat - ligal at lehitimong trabaho para sa mga Calapeno, kahandaan sa mga sakuna at kalamidad, skills and youth development, turismo, samu't-saring livelihood assistance, at layong maging isang Luntiang Lungsod ang Calapan, kasabay ang walang pagod na pakikipag-usap sa malalaking mga kumpanya at investors na kakambal ay ang pagbubukas ng oportunidad para sa mga namumuhunan, at personal na pakikipag-ugnayan at pagbisita sa mga lugar na nagpapamalas ng galing sa pamamahala ng kani-kanilang nasasakupan, upang sa gayon ay ma-adapt ng pamahalaang lungsod ng Calapan ang mga best practices ng mga ito, na magreresulta naman sa mas epektibo at mahusay na Administrasyong Morillo.

Iyan ang layuning tinatahak ng lideratong petMalou, ang paghahatid ang malawak na serbisyo para sa kaalwanan ng pamumuhay ng bawat Calapeño.
Ayon kay Mayor Morillo-Flores, "Masyado pang maaga para sabihing ako'y lubos na nakapagsimula na. Mas pinipili ko na ang araw na ito ay gawing ludyat ng mas ibayong pagpapaigting ng aking mga plano, proyekto at programa at mas pabilisin pa ang lahat ng paraan ng paglilingkod upang agarang maihatid ang TAMAng serbisyo publiko sa mga mamamayan, para sa mas mabilis na pagtahak sa kaunlaran ng minamahal nating Calapan."

